# Panatang Mangangamkam

ANDYLEEN C. FEJE

Ibig naming nakawin ang Pilipinas,
Lupang diniligan ng pawis at dugo't
Tahanan ng mga katutubo'y sasamsamin
Sapagkat kinukupkop kami't tinutulungan
Upang maging malakas, masipag mandahas, at hangal
Dahil mahal namin ang Pilipinas at ang pandurugas
Diringgin namin ang páyong patuloy na manggulang
Susundin ang tuntunin ng mga kunwaring may pinag-aralan
Tutuparin ang tungkulin na magnakaw din sa kaban ng bayan
Naglilingkod, lumuluhod, sumasalsal nang buong katapatan—
Iaalay ang aming buhay, kaluluwa, at sanghayá—
kay Satanas, may-ari ngayon ng Pilipinas.